

## Yanung Rikit ay Baling Ganda?: Pagsusuri sa Lexical Semantics at Cultural Descriptions ng salitang “Rikit”

John Lloyd Cañones<sup>1</sup> 

<sup>1</sup> De La Salle University- Manila

### Keywords:

rikít, Lucban, Tagalog, lexical semantics, cultural descriptions

### Article History:

Received: June 6, 2022

Revised: May 7, 2023,  
Jan 26, 2024

Accepted: Jan 29, 2024

Published online: Jan. 30, 2024

Published in Print:

### Correspondence:

john\_lloyd\_canoness@dlsu.edu.ph

### To cite this article:

Cañones, John Lloyd . 2024.  
“Yanung Rikit ay Baling Ganda?:  
Pagsusuri sa Lexical Semantics  
at Cultural Descriptions ng salitang  
“Rikit””. *TILAMSIK: The  
Southern Luzon Journal of Social  
Sciences and Humanities* 11 (1):  
22-37. [https://  
www.doi.org/10.5281/  
zenodo.10583792](https://www.doi.org/10.5281/zenodo.10583792)

Malaki ang papel na ginagampanan ng wika sa kultural na paghubog ng identidad ng isang lipunan. Taglay nito ang pag-iral ng pagiging kakaiba ng bawat isa sa kanyang kapwa. Binigyang pokus ng mananaliksik sa pag-aaral na ito ang paggamit ng salitang “rikít” sa social media. Inilahad ang orihinal na kahulugan at pinagmulan ng salitang “rikít” sa pamamagitan ng *lexical semantic descriptions*, at itinampok ang kaugnayan nito sa kulturang Lucbanin batay sa kontekstwal na gamit sa social media gaya ng Facebook. Lumabas sa pag-aaral na mas mada-las gamitin ang orihinal na kahulugan ng rikít (pampuri) kumpara sa kabaliktaran nito na ginagamit bilang panlalait. Subalit mas kapansin pansin na ang paggamit ng “rikít” bilang panlait ay maiuugnay sa mga nagmula o matagal na nanirahan sa Lucban. Ipinakita rin ng pag-aaral ang implikasyong dala ng kultura sa paghubog ng identidad tulad ng sa kung paano ginagamit sa Facebook ang salitang “rikít” ng mga nagmula sa Lucban. Sa kabuuan, handog ng pag-aaral na ito ang pagbubukas sa kamalayan ng marami na ang mga pag-aaral sa wika at ilang mga nauusong salita ay isang perspektibong dapat ding pagtuunan ng pansin upang makalikha ng ugnayang malinaw sa pakikipagkapwa.

## 1. PANIMULA

Laganap sa Pilipinas ang paggamit ng samu't saring social media sites, at isa nga sa mga pinaka madalas tambayan ng karamihang Pilipino ay ang Facebook. Ayon nga sa Statista Research Department (2023), halos 96% sa kabuuang populasyon ng Pilipinas ang gumagamit ng Facebook noong taong 2020. Mas mababa ito ng 1% mula sa datos ng 2019 na 97%. Marahil ito ay bungang dala nang pagkahumaling ng karamihang mga kabataan sa iba pang social media sites tulad na lamang ng Twitter. Mula sa pag-aaral na ito, masasabi nating tunay na nakalilikha tayo ng isang birtwal na lipunan sa Facebook na nagbibigay pansin sa, at nagpapalawig ng, ating wika. Mula nga rito, mas naging malawak ang bokabularyo ng mga tao dahil sa pag-usbong ng mga makabagong ideya na patuloy na natutuklasan sa bawat paglipas ng panahon. Ito ay isang pagpapakatotoo na dinamiko ang wika.

Sa pag-aaral na ito, nais bigyang pokus ng mananaliksik ang paggamit ng salitang “rikit” sa social media. Ihahantad ng mananaliksik ang orihinal na kahulugan at pinagmulan ng salitang “rikit” sa pamamagitan ng *lexical semantic descriptions*. Gayundin, itatampok ang kaugnayan nito sa kulturang Lucbanin, at ang patuloy nitong paglikha ng makabagong kahulugan na nagsimula sa simpleng pakikipag-uusap na ngayon ay hantad na rin maging sa social media gaya ng Facebook. Bibigyang pagtalakay sa pag-aaral na ito ang mga social media post na kung saan ay gumamit ng salitang “rikit” sa kani-kanilang mga status na ipinopost sa Facebook anuman ang kontekstong ipinahihiwatig ng mga ito batay sa ilang mga indikasyong magpapakita o magpapaliwanag sa kahulugan ng pahayag gaya ng larawan at sitwasyong pinatutungkulan ng mga post. Sa kabilang bahagi ng pag-aaral, ipapakita rin dito ang konseptong dala ng salitang “rikit” bilang bahagi ng pakikipag-usap at relasyong identidad ng mga Lucbanin—*cultural descriptions*. Ang usaping ito ay magbibigay pansin sa kung paanong paraan ang pakikisalamuha nila maging kakaiba sa ibang grupo ng mga tao.

## 2. REBYU NG LITERATURA

### 2.1 *maddikit* : dalaga at *ma+dikit* : may katangi-tanging dilag

Pinaniniwalaang ang salitang “marikit” ay may kaugnayan sa salita ng Dumagat o mas kilala natin sa *Wikang Bulos*. “Maddikit” ang salitang kanilang ginagamit na terminolohiya para sa isang dalaga (Cruz et al. 2017; 39). Kung bibigyang pansin natin ang mismong salitang ito maaaring ang pinakamalapit na pagpapaliwanag upang makita ang pagbabagong naganap sa

nasabing salita ay ang “pagpapalit ng ponema” para sa /d/ at /r/ na may tuntuning palitan ang /d/ kapag patinig ang ponema ng unlapi gaya ng [ma]. Ito ang isa sa nakikitang may kaugnayan sa salita ng mga Tagalog na “marikit,” bagamat isang salitang talagang may kahulugan o nakabuo na nang kanyang gamit noon pa man. Nagsimula ang salitang “rikit”, sa orihinal na salitang pinag-ugatan nito—marikit (para sa mga Tagalog).

Ginagamit ang salitang marikit upang ilarawan ang mga dalaga o binibini noong unang panahon sa halip na gamitin ang salitang maganda. Bungang dala ito marahil sa kung paanong ang kulturang Filipino ay may mahigpit na ugnayan sa wikang sinasalita ng isang indibidwal—pili ang mga salita at kakikitaan ng karikitan. Mula rito makikita natin kung paanong maging ang isang termino ay maaaring magbungsod ng isang kakintalang maaring maging istandard na sa lipunan bagamat hindi pa naman malinaw ang kahulugan sa iba. At para naman sa usaping “mas” paggamit ng salitang “rikit” kumpara sa “marikit” ay isang konseptong maaaring kakabit ng pagkakaltas na madalas nating maobserbahan sa paraan ng pakikipag-usap na mas pinalakas sa paggamit ng ibang mekanismo tulad ng teknolohiya. Matatandaang noong panahong naimbento ang cellphone noong 1992, ito ay nagtakda ng limitasyon na halos 140 karakters lamang sa pagbuo ng mensahe. At sa patuloy na pag-usbong ng teknolohiya nalikha na nga ang social media na maaring nang magpadala ng mas mahabang mensahe, bagama’t namulat na tayo sa pagkakaltas ng mga salita.

Sa kabilang banda, kung bibigyang pansin naman ang kahulugan mula sa diksyunaryo, lulutang ang nasabing kahulugan [ma+dikit] : may katangitanging dilag o pang-akit. Kapareho ng linggwistikong pananaw ang sinasabing dalawang salitang pinag-ugatan ng salitang “marikit” na kung saan ay naroon ang ugnayan ng pagpapalit ng ponemang /r/ at /d/. Ang mga pagbabagong ito ay siyang isa rin sa naging resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Santiago (2015) na kung saan isa ang ponolohiya sa kanyang tiningnang lente nang pagkakaiba ng katangian ng Tagalog Morong. Doon ay tinalakay ang ugnayan ng /r/ at /d/ bilang mga ponemang malayang nagpapalitan. Lumabas sa kanyang pag-aaral na mas higit na ginagamit ng mga taga-Morong ang paggamit ng /r/ kumpara sa /d/. Gayon din ay ang kanyang pagmumungkahi na ipagpatuloy ang pag dokumento at pagpreserba ng mga salita at ekspresyong maaaring hindi masyadong gamitin (Santiago, 2015). Ang pahayag na ito ay isang katugunan sa isang layunin ng nasabing pag-aaral tungkol sa pagtatampok sa salitang rikit bilang isang salitang may kultural na pagpapakahulugang pinagmulan at may gamit na kinaangkuhan

depende sa kahingiing panlipunan at kontekstong pinag-uusapan. Malinaw na mayroon talagang malaking ugnayan ang kultura sa kung paanong paraan nahuhubog ang wika ng isang lugar, kaya naman ang susunod na bahagi ng pagtalakay ay tungkol sa kung paanong ang kultura ay nagbibigay ng pagkakakilanlan sa isang bayan.

## ***2.2 Parini sa Lucban: Pagkilala at Pagtuklas***

Isang maliit na bayan sa bahagi ng Lalawigan ng Quezon ang Lucban. Ito rin ang tinaguriang “Art Capital of Quezon”, kaya naman hindi maiikubli na sa kabila ng pagiging payak ng pamumuhay ng mga tao rito ay siyang madalas bisitahin ng mga turista. Higit na nakilala ang Lucban dahil sa pagiging makulay at magarbang kapistahang nagaganap dito tuwing Mayo 15, ang San Isidro Pahiyas Festival. Ang nasabing kapistahan ay pagpaparangal kay San Isidro para sa masaganang ani. Dala ng kapistahang ito ang pagpapakita ng tinaguriang “kagarbohan” ng mga Lucbanin sa pamamagitan ng pagdedesinyo sa mga kabahayan at kadalasang nagiging paksa ng selebrasyon ito ay ang pamosong linya na “Yanung Rikit, Baling Ganda”. Kiping ang isa sa mga produktong nagiging sentro ng atraksyon sa tuwing ipinagdiriwang ang kapistahan, ito ang produktong hindi maaaring mawala sa tuwing nagkakaroon ng iba’t ibang patimpalak na nagpapakita ng pagiging malikhain ng mga Lucbanin. Bukod sa usaping kultural, hindi maiikailang bahagi rin ng turismo ng Lucban ang Kamay ni Hesus Healing Center na simbolong nagtatampok sa pagiging relihiyoso ng mga Katolikong nakatira roon at mga turistang madalas bumibisita rito lalo na kung “Mahal na Araw.” Isama pa ang malamig na klima, hindi magpapahuli ang mga pagkaing hinahanapan ng mga taong pumupunta sa nasabing bayan. Ang pahayag na ito ay binigyang suporta ng isang pag-aaral patungkol sa San Isidro Festival na siyang pinagbatayan ng Pahiyas Festival, kung saan ay naging daan ito upang maitampok ang mga produktong mula at gawa ng mga Lucbanin (Del Rosario 2019).

Bukod sa mga nabanggit na tungkol sa pisikal na kagandahang taglay ng bayan ng Lucban ay ang kulturang sadyang mas lalong nagpapayaman sa nasabing bayan. Madalas mapansin ng ibang mga tao ang pagiging kakaiba ng pagsasalita ng mga taga-Quezon. Sinasabing may taglay itong punto at indayog na nagpapakita ng pagiging kakaiba ng nasabing lalawigan. Bukod pa rito ay ang usapin tungkol sa pagiging dinamiko ng kahulugan ng mga salitang ginagamit ng mga taong naninirahan dito. Natatangi ang karanasan ng bawat indibidwal na napupunta sa bayan ng Lucban. Naroong marami ang naninibago sa klima, mga pagkain at higit sa lahat ay pakikisalamuha at pakikipag-usap, kaya nga madaling matutuklasan kung sino ang “dayo” sa nasabing lugar. Bagamat pawang Tagalog naman ang wikang ginagamit ng

ng komunidad sa pakikipagtalastasan, nagkakatalo na lamang ay sa punto at pagkakaunawa sa emosyon at kahulugang nakapaloob sa bawat salitang binibitawan. Kaya naman, hangad ng pananaliksik na ito na alamin ang iba't ibang gamit ng salitang 'rikit' na madalas nagiging simbulo ng pagkakaiba sa lebel ng wika at kultura ng mga Lucbanin sa iba pang mga naninirahan sa Lalawigan ng Quezon o gumagamit ng Tagalog bilang pangunahing wika sa komunikasyon.

### 3. PROSESO AT DISKURSO NG MGA DATOS

Ang pag-aaral na ito ay batay sa metodong *mixed-method* na kung saan nakasentro ang pag-aaral sa ugnayan ng resulta (frequency ng mga salita) bilang kwantitatibong datos at pagsusuri ng *lexical semantics at cultural description* sa kahulugan nito bilang bahagi ng pagigi nitong kwalitatibo. Dumaan sa proseso ang pag-aaral na ito mula sa pangongolekta ng datos hanggang sa pagbuo ng interpretasyon.

Nagsimula ang mananaliksik sa pangangalap ng mga datos at sa bahaging ito ginamit ang *search function* ng Facebook upang makapangalap ng mga "post" na gumamit ng salitang "rikit". Ang pamimili ng mga post ay batay sa *purposive-random sampling technique* o pamimili sa mga post na gumamit ng "rikit" sa anumang kontekstong litaw sa kanilang pahayag at ang pagiging random nito sapagkat ito ay kung ano lamang ang lalabas mula sa paggamit ng *search function*. Nakapangalap ang mananaliksik ng kabuuang 46 na *Facebook post*. Mga datos na naka- "public" lamang ang kinalap bilang respeto sa mga may-ari ng post na piniling limitahan ang makakabasa sa kanilang post. Matapos ang pangangalap ng datos ay sinimulan na ang unang hakbang ng pagsusuri na nakabatay sa pagpapaliwanag ng mga ito batay sa kahulugan at konteksto ng pahayag. Nahati ito sa positibo at negatibong pagpapakahulugan bilang umiiral na katuturan ng salitang "rikit". Matapos ito ay mas pinag-inaman ang pagsusuri gamit ang pagtalakay sa dalawang kahulugang nabuo ng mga Facebook post.

Ang pag-aaral ay hindi natapos sa pagtitipon ng mga *Facebook post* at pagkaklasipika sa mga ito. Binigyang linaw din sa pag-aaral ang mga salik na nakakaapekto sa pagkakaunawa ng mga indibidwal sa pagsasalita ng mga Lucbanin na may pagtuon ng pansin sa salitang "rikit". Nakatulong ang bahaging ito upang maipakilala ang gawi ng isang Lucbanin patungkol sa pakikisalamuha sa ibang mga indibidwal na nakabatay sa kultural nitong pagpapakahulugan sa mga salita na siyang kabahagi sa pagbuo ng identidad ng isang Lucbanin.

## 4. RESULTA AT PAGTALAKAY

### 4.1 Rikit sa positibo at negatibong gamit

Malaki ang papel ng Facebook sa kabuuan ng pag-aaral , sa kadahilanang dito magmumula ang mga datos na susuriin. Laganap ang paggamit ng social media account na ito, upang maipahayag ang nararamdaman ng isang tao o ‘di kaya naman ay para makapangalap ng impormasyon tungkol sa lipunan. Bilang bahagi ng pag-aaral nangalap ang mananaliksik ng mga Facebook post na gumamit ng salitang “rikit” anuman ang kontekstong pinapakahulugan ng mga ito.

**Talahanayan 1.** *Kabuuang bilang at ilang halimbawa ng mga Facebook post patungkol sa paggamit ng “rikit”*

Semantikong Kahulugan	Bilang	Halimbawa
Positibo	31	(1) Trending Princess na ba ang dapat itawag kay Maymay Enrata? Aba, ang babaing kakaiba ang rikit and pagtinodo ang pagiging super model attitude and styling, pansin na pansin na pangmalakasana ang trending sa nasabing social media site.
		(2) Sipag at Tiyaga ang puhunan konsepto at rikit ang labanan! Tunay na pinaghandaan, kung kayat kampyon ay nakamtan!
		(3) Ako'y bihag ng alindog, at rikit mo, paraluman
Negatibo	15	(4) Bago matapos ang 2020 ay gusto ko laang sabihin sa mga naolay ko na deserve ninyo yun. Baling rikit ninyo ay. Si ati. (Lucbanin Tuesday Page)
		(5) PAG MAYAMAN, ONGVILLE, PAG MAHIRAP, ACER? RIKIT NYO ABA!! (Pretend that we're in SLSU S.Y 2013 -2017 Page)
Kabuuan	46	

Sa talahanayan na ito, ipinapakita ang pagkakaiba ng mga Facebook post batay sa kahulugan. Makikitang maaring ito ay katugunan sa positibong katuturan (31 na mga post) o ang kabaliktaran nito—negatibo (15 na mga post). Lumabas sa pag-aaral na mas lutang pa rin ang paggamit sa salitang “rikit” batay sa kahulugan nitong pumapatungkol sa “ganda” ng isang bagay o pangyayari. Ang paggamit naman ng “rikit” bilang salitang may ibang pagpapakahulugan ay nakakuha lamang ng kalahati sa kabuuang bilang mga salitang gumamit sa orihinal na kahulugan ng “rikit”. Mapapansin na sa da-

tos na ito, malinaw na ipinakikita na mas umiiral para sa kabatiran ng karamihan ang orihinal na kahulugan ng “rikit”, kaya naman marami sa mga tao kapag nasasabihan ng nasabing salita ay natutuwa liban na lamang sa pag-unawa ng konteksto ng pahayag na sinabi ng nagsasalita. Ang usapin ito ay maaaring iugnay sa teoryang sosyolinggwistiko na kung saan “nakabubuo ng iba’t ibang konteksto ang paggamit ng wika dahil sa iba’t ibang gawain sa papel, interes, saloobin, at pananaw ang kasangkot sa komunikasyon” (Augusto 2019).

Gayun pa man ay kapansin pansin na ang positibong gamit ng salita ay mas madalas kung ang mensahe ay patula na makikita sa halibawa (2) at (3) sa talahanayan. Lumbas rin sa analisis na ang negatibong gamit ng salita ay mas kapansin pansin sa mga mensaheng may direktang kaugnayan sa Lucban o kulturang Lucbanin. Mapapansin na ang halimbawa (4) sa talahanayan ay mula sa isang sikat na Facebook page na “Lucbanin Tuesday”; sa halimbawa (5) naman makikita ang dalawang magkatapat na pamilihan sa kahabaan ng Daang Tayabas sa Lucban, ang Ong Ville at Acer. Sa susunod na pagtalakay ay bibigyang pansin ang *marked* o kakibang gamit at konteksto ng paggamit sa salitang “rikit”.

#### 4.2 “Rikit mo naman”: Ekspresyon ng galit o panlalait

Una ay bigyang pansin natin ang konseptong tila hindi nakasanayan ng karamihan. Dala ng usaping ito ang patungkol sa kaibahan nang pag-unawa ng isang indibidwal sa kung paanong paraan sa kanya sinambit ang salita. Bagamat malawakan ang pagkakaalam ng terminong ito bilang isang salitang may pagtuon ng pansin sa konsepto ng pagbibigay puri, lutang naman sa ilang mga pahayag na makikita sa Facebook ang paggamit ng karamihan sa salitang “rikit” bilang isang salitang nagdudulot ng negatibong pagtingin maari ay sa isang bagay o ‘di kaya naman ay pangyayari.

*“Habang yuung iba ay pinipilit alisin ang puntong Lucbanin ay aring page naman ay pipilitin kayong huwag alisin. Tuwing Magbabasa kayo rini ay ibabalik ko yaang mga punto ninyong mga lintik kayo, wala namang masama sa punyo natin a. Itsura mo laang. Si ati. Nausukan laang ng bus sa Buenja ay humina na agad ang punto, rikit mo...”* (Lucbanin Tuesday Page)

Sa pahayag na ito binigyang pansin ang karaniwang karanasan ng ilang mga taga-probinsya na napupunta sa Lungsod ng Maynila na kung saan ay nakikibagay sa lipunang kanilang kinaroroonan. Malinaw ang mensaheng iniiwan sa mga mambabasa nito na hindi ito katugunan sa orihinal na kahulugan ng salitang “rikit” sa kadahilanang ito ay pagbibigay-puna sa gina-

gawa ng karamihan. Ang usapin ng pakikibagay sa lipunan ay pinaliliwanag ng *Communication Accommodation Theory* (Giles & Ogay 2007; Dragojevic et al. 2015) na nagsasabing iniaakma natin ang ating pananalita sa konteksto at pagkakakilanlan (identity) sa ibang tao. Sa usaping ito pinaliliwanag ang ugnayan ng wika batay sa kahingian ng konteksto at identidad ng isang tagapagsalita tulad ng namamayaning diwa sa mga taga-probinsya sa tuwing sila ay napapadpad sa Kamaynilaan.

Sa bahagi namang ito ipinakikita na sa lipunan litaw pa rin ang usapin ng pagiging dominante ng isang wika ito man ay patungkol sa pinagmulang lugar ng tagapagsalita. Marahil ang konseptong ito ay katugunan sa pangangailangan ng tagapagsalita na makibagay sa lipunan upang maiwasan na makaramdam na sila ay kakaiba o ‘di kaya naman ay magbunga ng ‘di pagkakaunawaan ang paggamit nila ng isang salita o punto (na akala ng marami ay laging galit ang mga taga-Quezon). Ang karanasang ito ay hindi lamang patungkol sa pagpunta ng isang Lucbanin sa Kamaynilaan, maging ilang mga taga-Quezon ay tila nagiging banyaga sa tuwing pumupunta o namamalagi sila sa Lucban, kagaya na lamang ng pahayag na ito:

*“May kaklase akong lucbanin na nag-imik saken ‘**rikit** mo naman’ ay di ko pa naman alam meaning nun na iba pala sa mga lucbanin. Sabi ko ‘thank you’, akala ko ay nagagandahan sakin at ang marikit ay maganda ah, natawa siya lintek yun pala ay inis na saakin ng di ko alam. Jablu!”*

Ang pagbabahagi niyang ito ay nagpapakita ng konsepto ng pananatili sa isang indibidwal ng orihinal na kahulugan ng salita lalo na kung ito ang kanyang nakasanayan. At bilang resulta ng kanyang paninirahan sa nasabing lugar, naunawaan na niya at napagtanto ang pagbabago ng kahulugan ng isang salita batay sa kontekstong binibitan sa bawat mga pahayag. Bigyang pansin ang susunod na pahayag na gumamit sa kabaliktaran ng orihinal na kahulugan ng salitang “rikit”.

*“Kaya hayaan mo yung iba na magsabi na kung anu-ano. Hayaan mong mapuno ang newsfeed nila ng binebeta mo, kala mo nama’y kagaganda nila, baling **rikit** naman.”*

Sa pahayag na ito, mahalaga ang paggamit ng mga *context clues* upang maunawaan ang kahulugan ng salitang ginamit. Sa mga unang pangungusap mabibigyang linaw nito ang sitwasyong ipinahihiwatig ng tagapagsalita na nagpapakita ng galit marahil sa kanyang pinagsasabi-



han o pinarirringan. Sa binitawang pahayag maaring gamiting *context clue* ay ang “kala mo nama’y kagaganda nila”, na kung saan ay siyang katugunan sa kasunod na pahayag na “baling **rikit** naman.” Ang ganitong uri ng pagtukoy sa kahulugan ay bahagi pa rin ng context clues gamit ang konsepto ng *contrast* na isa sa mga paraan upang maunawaan ang pahayag. Sa mga pahayag na ginamit bilang halimbawa, makikitang malaki ang papel ng pagtukoy, una ay sa konteksto ng pahayag at kung sino ang nagsasalita ng pahayag. Ang mga ito ay siyang puno’t dulo nang maling pagkakaunawa nilang mga tao patungkol sa kahulugan ng isang pahayag ito man ay pasalita o pasulat.

Sa kabilang banda, lumabas sa pag-aaral na mas nangunguna pa rin naman ang paggamit ng karamihan sa orihinal na kahulugan ng salitang “rikit” bilang ito ang pinakamaraming beses na ginagamit sa mga Facebook post.

#### 4.3 “*Taglay niyang rikit*”: Orihinal na pagpapakahulugan

Dala ng usapin nang pagkakaroon ng negatibong pagpapakuluhugan at kadalasa’y salitain ng mga Lucbanin. Hindi pa rin mawawala ang nasabing orihinal nitong pagpapakahulugan, na siyang kapansin-pansin sa mga datos na nakalap patungkol sa paggamit ng salitang “rikit” sa mga Facebook post. Indikasyong maaaring ipakita nang pagiging dominate ng orihinal na kahulugan ng salitang “rikit” sa mga Facebook post ay ang iba’t ibang pinagmulan ng mga taong nag post sa Facebook sapagkat naging malawakan ang ginawang sampling ng mananaliksik para sa paghahanap ng mga datos. Ang ilan sa mga halimbawa ng paggamit ng orihinal na kahulugan ng “rikit” ay ang mga sumusunod;

*“Umakyat po ulet tayo sa Buhay Forest kasama ang ating mga department heads upang bumuo ng mga plano na higit na magpapaganda at magdadagdag **rikit** upang higit na makilala ang ating ipinagmamalaking tourist destination ang “BUHAY FOREST”*

Ang pahayag na ito ay malinaw na pagpapakita sa paggamit ng orihinal na kahulugan ng “rikit”. Mapapansin na sa pagkakanayan ng mga salita, ang “rikit” ay pinangungunahan ng salitang “magpapaganda”. Ipinakikita ng pahayag na ito na mahalaga ang ugnayan ng mga salita upang makapagbigay ng isang maayos na kahulugan. Katulad na lamang ng susunod na halimbawa;

*“Mga katangian niya’y sadyang kaakit-akit, Mapanghalina ang taglay n’yang **rikit**.”* (The Scholarium-Dfcamclp)

Ito ay katugunan din lamang ng naunang pagpapaliwanag patungkol sa kung paanong ang paggamit ng salitang rikit ay ginagamit upang magbigay puri sa isang bagay o ‘di kaya naman ay tao.

“We take various observations and evaluate and interpret them to assign them meaning (a conclusion). Whereas our observations are based on sensory information (what we saw, what we read, what we heard), thoughts are connected to our beliefs (what we think is true/false), attitudes (what we like and dislike), and values (what we think is right/wrong or good/bad)” (University of Minnesota 2016)

Sa bahaging ito ipinapakitang ang ugnayan nang pagbibigay kahulugan ng isang indibidwal sa kanyang nakikita gamit ang wika, isang patunay na katangian ng wika ang pagppreserba ng isang karanasan. Katulad na lamang na sa kung paanong paraan binanggit ang pahayag patungkol sa kanyang klasipikasyon ng pagiging isang “marikit”, maaari itong mabago batay sa konsepto ng isang indibidwal, ngunit isa lamang ang malinaw batay ito sa kanyang pansariling karanasan.

Usapin ng karanasan, ang binigyang linaw sa ikalawang pahayag, ang susunod na halimbawa ay may kaugnayan din naman dito ngunit, maaaring gawing batayan ng isang mambabasa ay ilang mga salik na kabahagi ng Facebook post—larawan. Ang susunod na halimbawa ay kaalinsabay ng post na may mga larawan ng isang kilalang resort sa bayan ng Unisan, isa pang bayan sa probinsya ng Quezon.

*“Pagkatapos ng quarantine, tara rito maligo’t magtampisaw...  
“Yanung rikit, Baling Ganda”*

Ang konklusyong binuo nang nagpahayag ay tungkol sa kanyang dinanas ng mapadpad sa isang lugar bagamat ito ay hindi sa Lucban, ngunit hindi naiwasan ang paggamit ng pamosong linya na nagpapakita na ang nagpost ay isang Lucbanin. Kagaya ng pagpapaliwanag na binanggit kanina, nakatutulong ang ilang mga salik tulad ng larawang ginamit upang matukoy ang kahulugan ng bawat pahayag sa kadahilanang hindi naman maaaring gawing batayan dito ang usapin ng tono na siyang maaring isang indikasyon para makapagbigay ng kahulugan.

#### ***4.4 “Sa Lucbanin ay rikit naman”: Pagtalakay sa Impluwensiya ng lugar na pinagmulan ng tagapagsalita***

Katulad sa ibang lugar, malaki ang pagkakaiba ng paraan ng pagsasalita ng mga nagmula sa iba’t ibang lugar sa probinsya ng Quezon. Madalas itong nagbubungsod sa maling pagkakaunawa ng mensahe ng kanyang kausap. Kung ibabatay ito sa karanasan may mga nagsasabing tila laging “galit” ang

paraan ng pagsasalita ng mga taga-Quezon; kapansin-pansin ito sa bahaging timog, samantalang sinasabing may “lambing” naman ang kalahating bahagi sa hilaga. Ito ay isang indikasyon ng pagiging kakaiba ng lalawigan ito sa ibang lugar, at malaki ang epekto nito maging sa pakikisalamuha sa ibang mga tao. Kaya naman maging ang paggamit ng salitang “rikit” ay naiiba ang kahulugan. Una ay ang binaggit batay sa konteksto at pangalawa ay sa paraan ng pagsasalita ng isang indibidwal.

Malaki ang papel ng lokasyon sa pagbabago ng kahulugan ng mga salita sa Lalawigan ng Quezon sa kadahilanang nasa gitna ito ng Batangas at Bicol, na pawang may kanya-kanyang paraan nang pagsasalita. Sa usaping pumapatungkol sa papel na ito, hindi maikakailang malaking salik na pagtuunan ng pansin ang pinagmulan ng tagatanggap ng mensahe sapagkat dala nito ang maaring kaiba sa pag-unawa na nais ipahiwatig ng tagapagsalita. Isa lamang ang “rikit” sa mga salitang madalas mabago ang kahulugan, kasamahan ng mga salitang “buslog,” “langis,” “banas,” atbp. na kung ito ay maririnig ay maaaring ibang kahulugan ang maunawaan nang tagatanggap ng mensahe. Ngunit kapansin pansin na ang paraan at tono ng paggamit ng “rikit” ay *marked* o mas mas pansin ng iba kung ang tagapagsalita ay taga Lucban, gaya na lamang ng halimbawang ito:

*Di ako showy sa kanila, aba Sa Lucbanin ay rikit naman Pero mahal ko sila teksman!*

Ayon kay Park (2012), “...many of our words have multiple meanings, but for the most part, we aren’t confused by them. That’s because the other important element of language is context.” Sa usapin nang pagkakaiba-iba ng mga kahulugan ng isang salita, malinaw na malaki ang papel ng konteksto upang maunawaan ang kahulugan ng mga ito. Bukod pa sa usapin ng konteksto ay mahalaga ring malaman ang lugar na pinagmulan ng isang indibidwal tulad na lamang dito sa Pilipinas na maging kalapit bayan lamang ay may iba nang pagpapakahulugan sa isang salita tulad ng rikit. Kaya naman kung ibabatay sa pansariling karanasan ng mga mananaliksik at ilan sa mga natanong patungkol sa kanilang karanasan nang manirahan sa bayan ng Lucban, marami ang nagsasabi na

*“Maninibago ka talaga, kasi hindi mo alam at hindi malinaw sa iyo kung ano nga ba ang pinahihiwatig ng kanilang sinasabi; maaring tingnan mo ito bilang offensive pero para sa mga Lucbanin ito ay isang biro lamang”* (tugon mula sa isang nakausap patungkol sa kanyang karanasan nang siya ay manirahan sa Lucban).

Ang usapin ng pinagmulan ng tagapagsalita ay isang perspektibang maaring maging salik sa pag-unawa ng isang indibidwal patungkol sa ka-

hulugan ng mga pahayag. Ugnayan ng kultura at kasanayan ang binibigyang diin sa diskursong ito, sapagkat malaki ang impluwensya ng dalawang konseptong ito sa paraan ng pakikisalamuha sa kapwa.

#### **4.5 Implikasyon sa pakikipagsalamuha at identidad**

Napakahalaga ng papel ng komunikasyon sa isang lipunan, dala nito ang mga mensaheng binibigyang kahulugan ng isang tagatanggap. Noon pa man ay bahagi na ng kaugalian nating mga Pilipino ang pakikisalamuha sa iba, usapin man ito patungkol sa loob ng bansa o maging sa labas, ang lahat ng ito ay nagiging posible dahil sa kapangyarihang taglay ng wika. Ngunit sa kabila ng taglay na gamit ng wika madalas at may mga pagkakataong din na wika ang nagiging dahilan ng hindi pagkakaunawaan ng bawat isa. Sa Pilipinas na kung saan ay nagtataglay ng iba't ibang mga wika, papel ng lokasyon o pinanggalingan ang isang salik na binibigyang halaga. Ang usapin ng pagkakaiba-ibang ito ay kapansin-pansin hindi lamang sa mga komunikasyong pasalita na kung saan ay maaaring magbigay pansin sa tono o paraan ng pagsasalita ng isang indibidwal, ngunit maging sa mga pasulat na kung saan nakapokus ito sa konteksto ng pahayag at ilang mga context clues.

Maaring maganap ang pakikisalamuha ng isang indibidwal sa kanyang kapwa sa pamamagitan ng direktang pakikipag-usap (pasalita) at pasulat. Sa usaping pakikipagsalamuha malaki ang papel na ginagampanan dito ng kultura sa kadahilanang ito ang nagiging batayan ng isang indibidwal sa mga gawi o kilos na kanyang isasakatapuran. Nabatid ni Torres (1988, 24) na "...there are evidences that both the introduction of technology and urban exposure result in new foci of interest of social life, thus leading to a variety in forms of *kapwa* behavior." Sa pag-aaral na ito batay sa mga anyo ng pakikipag-ugnayang makikita sa ilang pamayanang Pilipino, ipinapakita na ang pag-usbong ng teknolohiya at makabagong lipunang ginagalawan ay may malaking epekto sa paraan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa. Dala ng mga pagbabagong ito ang panibagong konseptong matutunan ng isang indibidwal sa pakikipagkapwa. Kagaya na lamang ng paraan nang pakikipag-usap at pagpapahayag ng opinyon gamit ang teknolohiya. Tulad ng social media, nagbubungsod ito ng pagkakaiba sa orihinal na katauhan ng isang indibidwal at sa personang kanyang ipinakikita sa social media. Samanantalang sa usapin naman ng makabagong lipunan ay pumapasok ang konseptong pakikibagay at sa kung papaanong paraan makakaunawa at mauunawaan ang isang tao.

Sa mundo ng social media gaya ng Facebook, lutang ang paggamit ng magkakaibang kahulugan sa mga salita tulad na lamang ng "rikit" na

maaaring magbigay kalituhan sa isang indibidwal kung hindi itutuon ang pansin sa konteksto. Gayundin ay sa usapin ng makabagong lipunan kung saan mas lumawig ang pangigingibang bayan, marami at naiiba ang pakikitungo ng mga taong nagmula sa ibang lugar sa tuwing nahaharap sila sa ibang lipunan. Ang usapin ng pagiging kakaiba ay kadalasang mabilis mapansin sa paraan ng pagsasalita ng isang indibidwal – sa punto, at sa kakai-bang paggamit ng salita katulad ng “rikit.” May kanya kanyang punto kung ituring ang bawat lugar sa Pilipinas. Sa katunayan hindi lamang wika ang kapansin-pansing kakaiba bagkus ay sa paraan din ng pagsasalita. Ang pagkakaiba-ibang ito ay maaaring tingnan bilang identidad ng isang grupo ng mga tao o ‘di kaya naman ay salik na makakaaapekto sa pag-unawa sa mensahe ng isang salita o pahayag.

Sa pag-aaral na ito, nakasentro ang pagtukoy sa paraan nang pakikipagsalamuha ng mga Lucbanin sa kanilang mga kababayan at maging sa mga dayo sa nasabing lugar. May mga salitang likas na ginagamit ang mga Lucbanin, sa tuwing nakikipag-usap sa kanilang mga kababayan, hindi problema kung tutuusin para sa kanila ang ganitong usapin sapagkat may panlipunang pang-unawa sila sa kani-kanilang salitang binabanggit. Ayon kay Kisémbé (2018, 11), “...definitions of words are linguistically, culturally and contextually bound. Words carry meanings that make sense to members of a shared social environment.” Sa pahayag na ito ipinapakita ang halaga ng pagkakaunawaan ng isang grupo ng mga indibidwal—komunidad, maging sa isang salita na kung titingnan o gagamitin ng iba ay taliwas sa orihinal nilang pagpapakahulugan. Ngunit, isa itong problema para sa ilang mga indibidwal na napupunta sa kanilang bayan sa kadahilanang ito ang pinagmumulan ng hindi nila pag-unawa sa mensahe ng mga pahayag. Isa nga sa mga salitang madalas pag-ugatan nang kalituhan ng nakararami ay ang salitang “rikit” na kung saan kung iugnay ito sa kultura ng mga Lucbanin ito ay salamin ng kanilang pagiging malikhain lalo na sa tuwing may mga pagdiriwang silang inilulunsad. Ngunit kasabay ng samu't saring pagbabago ang kahulugan ng “rikit” ay nakabuo na rin ng makabagong kahulugan na kung saan ay taliwas sa orihinal nitong pagpapakahulugan para sa mga tagalabas. Facebook post man o pasalita, malinaw sa isang Lucbanin ang kahulugan ng salitang ito kapag ginagamit sa isang pahayag. Ito marahil ay katugunan sa identidad nila na ipinagkaiba nila sa mga kalapit bayan.

Ang usapin ng identidad ay usaping kultural, sa pamamagitan ng mga gawi at paniniwala nakalilikha tayo ng ating sariling pagkakilanlan. Bawat henerasyong dumaan sinasabing may kani-kanilang ambag sa panlipunang kaalaman, ito man ay wika o mga makabagong kasanayan. Ngunit isa lang ang malinaw sa pagkakaiba-ibang dulot ng mga ito. Hindi mawawala sa

isang lipunan ang ugnayang dala ng kanilang kultura sa bawat pagbabagong niyakap nila sa tuwina, maging ang paninindigan ng isang Lucbanin na manatiling—Yanung Rikit, Baling Ganda!

## 5. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pag-aaral na ito, ang pokus ay ang salitang “rikit” na kung saan ay isang salitaing madalas gamitin na batay sa kultural na aspeto ng mga Lucbanin. Para sa salitang “rikit”, hindi madalas gamitin ang pagdaragdag ng /i/ sa huling letra ng salita, sapagkat ito ay nasa anyong pangngalan; ang paggamit ng /i/ ay ginagamit sa mga pandiwa. Sa mga datos na nakalap sa Facebook ipinapakita na bagamat walang anumang maaring gamiting palatandaan sa teknikal na aspeto ng salita gaya ng (^), nauunawaan ang mensahe ng pahayag batay sa ibang mga salik na nakakatulong sa pag-unawa tulad ng context clues at larawan. Dahil sa aspetong pakikisalamuha, nagiging *marked* ang negatibong paggamit ng salitang “rikit” ng mga taga Lucban kumpara sa *unmarked* na positibong kahulugan nito.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang salitang “rikit” ay maaaring ibatay sa dalawang umiiral na pagpapakahulugan; (1) nagmula ito sa sa salitang “maddikit” ng Wikang Bulos na ginagamit na katawagan para sa mga dalaga, at (2) nagmula ito sa pinagsamang “ma+dikit”, na nanganahulugang may katangi-tanging dilag o pang-akit na kung saan ang dalawa ay pawang dumaan sa proseso ng pagpapalit ng ponemang “d” patungong “r”, at ang paggamit ng salitang “rikit” ay ang pagkakaltas ng unlaping “ma”. Batay sa mga pinagmulan ng salita, dalawang kahulugan ang umiiral sa kasalukuyang lipunan; (1) orihinal na kahulugan na kung saan ay isang paraan ng pagbibigay-puri (positibo) at (2) panlalait (negatibo). Ang pangalawa ay madalas na nakikitang gamitin ng mga nagmula o matagal na namalagi sa bayan ng Lucban.

Ang pag-aaral sa mga salitang tulad ng “rikit” ay tila kahalintulad ng pag-aaral sa mga nauusong salita dala nang pagpasok ng iba’t ibang heneryasyon na may kanya-kanyang paraan ng pakikipag-usap o paggamit. Hindi nalalayo ang salitang “rikit” sa mga nauusong salita. Mahalaga ang pag-aaral sa mga ganitong uri ng salita sapagkat dala nito ang panlipunang pagkakaunawaan natin bilang mga taong nabubuhay sa iisang bansa. Inirekomenda ng pag-aaral na ito na mas pag-ibayuhin pa nang husto ang mga pananaliksik patungkol sa wika sa paniniwalang ito ay isang tulay na magdudusong sa pag-unawa ng marami sa identidad o pagkakakilanlan ng isang lipunan. Ang mga pananaliksik tungkol sa wika at kultura ay salamin ng pag-unawa at isang behikulo upang maging malinaw ang ugnayang panlipunan.

## PAGKILALA

Ang pananaliksik na ito ay hindi maisasakatuparan kung wala ang tulong na nagmula sa kanyang mentor na si Dok Rakki, isang propesor mula sa Departamento ng Filipino sa De La Salle University. Ang mga suhestiyon mula sa kanya ay nakatulong upang sa gayon ay paghusayan nang husto ang mga pag-aaral patungkol sa wika at kultura. Gayundin ay nagpapasalamat ang mananaliksik sa kanyang pamilya at mga kaibigan na naging sandalan upang maisakatuparan ang papel na ito. At sa huli ang papel na ito ay ilan lamang sa mga pagtupad sa tungkulin bilang isang tao, mag-aaral, at guro sa mga pananagutang panlipunang para sa sarili, kapwa, at bayan.

## ORCID

John Lloyd Cañones <https://orcid.org/0009-0004-7086-6800>

## SANGGUNIAN

- Augusto, William Jr. 2019. "Cultural Lexicon of Tagalog and Sinugbuanon: An Analysis." *MALAY* 31 (1): 1–19. <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-31/1/9-augusto.pdf>
- Cruz, Joana F., Claring Dela Cruz, Guiller J. Flores, Arlene I. Lazaro, Jessica M. Llenarizas, Alona Manuel, Jennifer C. Nolasco, Bryan Santos, Imelda R. Torres, Maricar R. Torres, Rolando Torres. (2017). *I Kitam ay Magsolat, Panintonan de Pagsulat ni Surot a Dumaget-Bulus (Dumagat-Bulus Spelling Guide)*. <https://philippines.sil.org/resources/archives/74572>
- Del Rosario, Peter Jerome B. 2019. "Hermeneutic analysis of the San Isidro Pahiyas Festival as a development communication medium in Lucban, Quezon, Philippines". *Journal of Hospitality and Tourism Insights* 11 (2): 203-220. <https://doi.org/10.1108/JHTI-01-2019-0002>
- Dragojevic, M., Jessica Gasiorek, & Howard Giles. 2015. "Communication Accommodation Theory." In *The International Encyclopedia of Interpersonal Communication*, edited by C.R. Berger, M.E. Roloff, S.R. Wilson, J.P. Dillard, J. Caughlin and D. Solomon, 1–21. John Wiley & Sons. <https://doi.org/10.1002/9781118540190.wbeic006>
- Giles, Howard and Tania Ogay. 2007. "Communication Accommodation Theory." In *Explaining Communication: Contemporary Theories and Exemplars*, edited by B.B. Whaley & W. Samter, 293-310. Mahwah, NJ: Lawrence Erlbaum.

- Kisembe, Denis. 2018. Language, culture and conflict resolution. A case of Kiswahili as a unifying language in Kenya. GRIN Verlag.
- Park, Alice. 2012. Study: Why Words with Many Meanings Make Language More Efficient. *TIME Magazine*, January 27, 2012. <https://healthland.time.com/2012/01/27/study-why-words-with-many-meanings-make-language-more-efficient/#:~:text=That%27s%20because%20the%20other%20important,and%20make%20it%20less%20tedious.>
- University of Minnesota. 2016. "3.2 Functions of Language." <https://open.lib.umn.edu/communication/chapter/3-2-functions-of-language/>.
- Santiago, Vincent Christopher. (2015). Isang silip sa mga lingguwistikong katangian ng Tagalog Morong [A peek into the linguistic Features of Tagalog Morong]. Presented at the Lipunang Pangkasaysayan ng Morong (LIKAS Morong), Inc. "Huntahan: Usap Morong" lecture-forum held at the Museong Pambayan ng Morong, Comandancia, Morong, Rizal. 20 June 2015. [www.researchgate.net/publication/332550337](http://www.researchgate.net/publication/332550337).
- Statista Research Department. 2023. Social Media Users in the Philippines: Social Media Platforms. Accessed May 1, 2023. <https://www.statista.com/topics/6759/social-media-usage-in-the-philippines/>
- Torres, Amaryllis. 1988. *The Urban Filipino Worker in an Industrializing Society*. Philippines: UP Press.

## ABSTRACT

Language plays a significant role in the cultural shaping of a society's identity. It embodies the existence of each individual's uniqueness in relation to others. This study focused on the use of the word "rikit" in social media. The original meaning and origin of the word "rikit" were presented through lexical semantic descriptions, and its relevance to the culture of people who reside in Lucban (or the Lucbanin) was highlighted based on its contextual use in Facebook. The study found that the original meaning of rikit as a compliment is used more frequently compared to its opposite, which is used as an insult. However, it is more noticeable that the use of "rikit" as an insult is associated with those who are from or have lived in Lucban for a long time. Overall, this study contributes to raising awareness that language studies and certain trending words are perspectives that should also be given attention to create clear connections in interpersonal relationships.